*Kagawaran ng Pananalapi*

# *Bagong Balita*

## Itinalakay ni Ministro Oliver ang Balanseng Budget, Low-Tax Plan para sa mga Trabaho, Paglago ng Ekonomiya, at Kaligtasan

Ang Economic Action Plan 2015 ay sumusuporta sa mga trabaho at paglago ng ekonomiya, tumutulong sa mga pamilya at mga komunidad na umunlad, at nagtataguyod sa kaligtasan ng Canadians

Abril 21, 2015 Ottawa, Ontario Kagawaran ng Pananalapi

Itinalakay ngayong araw ni Joe Oliver, ang Ministro ng Pananalapi, ang Economic Action Plan 2015, ang balanseng budget ng Pamahalaan ni Harper, ang low-tax plan para sa mga trabaho, pag-unlad, at kaligtasan. Sa Economic Action Plan 2015:

- **Matutupad ng Pamahalaan ni Harper ang pangakong balansihin ang budget sa 2015**. Ang Pamahalaan ay babalik sa mga balanseng budget habang minimintina ang pinakamababang federal tax burden sa Canadians sa mahigit sa limampung taon.
- **Masusuportahan ang mga trabaho at paglago ng ekonomiya.** Dahil gagawin nitong mas kompetitibo ang Canada, pahihintulutan nito ang paglikha ng mga negosyong gumagawa ng trabaho upang umunlad; gagawa ng mga bago at innovative na investments batay sa dati nang suporta ng Pamahalaan para sa infrastructure; at magbibigay ito ng training sa mahusay na workforce na tutugon sa mga nagbabagong pangangailangan ng mga taga-empleyo.
- **Matutulungan ang mga pamilya at mga komunidad na makaipon** sa pamamagitan ng pagbigay ng tax relief at iba pang suporta para sa mga masigasig na nagtratrabahong pamilya at mga indibidwal, habang dinaragdagan ang pagkakataon para sa lahat ng tao.
- **Sisiguraduhin nito ang kaligtasan ng Canadians** sa pamamagitan ng pagsuporta sa Canadian Armed Forces at pagprotekta sa Canadians mula sa pagbanta ng terorismo sa bansa at sa ibayong dagat.

### Pagbalanse ng Budget:

- Ang deficit ay nabawasan mula sa $55.6 bilyon, nang pinakamalubha ang Great Recession; ito’y magiging surplus na $1.4 bilyon sa 2015–16.
- Binayaran ng Pamahalaan ni Harper ang $37 bilyon na utang bago nangyari ang Great Recession; ito’y mahalagang dahilan kung bakit ang kabuuang net debt burden ng pamahalaan ng Canada ay ang pinakamababa sa alinmang Group of Seven (G-7) na bansa, at isa sa pinakamababa sa mga G-20 na bansa.

- Ang batas sa balanseng budget ay tatalakayin upang isabatas ang may-pananagutang polisiya ng Pamahalaan ni Harper sa pamamahala sa pananalapi, na siyang naglilikha ng mga trabaho at nagsasauli ng pera sa mga bulsa ng Canadians.
- Isang balanseng budget na nagpapahintulot sa Pamahalaan ni Harper na bawasan pa ang taxes para sa mga pamilya at mga indibidwal sa Canada.

## Pagsuporta sa mga Trabaho at Paglago ng Ekonomiya

- Pagbawas sa small business tax rate hanggang maging 9 porsiyento pagdating ng 2019. Ang ibig sabihin nito'y maisasauli ang estimadong $2.7 bilyon sa mga maliliit na negosyo na lumilikha ng mga trabaho, at sa kanilang mga may-ari sa pagitan nitong taon at 2019–20.
- Nagbibigay sa mga pagawaan ng 10-year accelerated capital cost allowance upang hikayatin ang mga investment sa makinarya at equipment na nagdaragdag sa productivity.
- Tataasan ang Lifetime Capital Gains Exemption upang gawin itong $1 milyon para sa mga may-ari na nagnenegosyo sa farm at fishing.
- Pahuhusayin ang access sa financing para sa mga maliliit na negosyo sa Canada sa pamamagitan ng Canada Small Business Financing Program.
- Daragdagan ang mga serbisyong inaalok sa pamamagitan ng Business Development Bank of Canada at Export Development Canada upang tulungan ang mga maliliit at medium na kalakihang negosyo.
- Magbibigay ng $14 milyon sa darating na dalawang taon sa Futurpreneur Canada bilang suporta sa young entrepreneurs.
- Susuportahan ang Action Plan for Women Entrepreneurs upang tulungang magtagumpay ang mga babaeng may-ari ng negosyo.
- Tutulungan ang mga innovative na kompanya na lumago at lumikha ng mga trabaho sa pamamagitan ng Venture Capital Action Plan.
- Susuportahan ang mga probinsiya at mga teritoryo upang makatulong sa harmonization ng mga pangangailangan sa apprenticeship training at certification sa mga tinatarget na Red Seal trades.
- Mag-iinvest sa world-class research at development sa pamamagitan ng paglaan ng mahigit sa $1.5 bilyon bilang pagpopondo sa darating na limang taon upang itaguyod ang istratehiya ng Pamahalaan sa agham, teknolohiya, at innovation.
- Ipagpapatuloy ang paglaan ng karaniwang kabuuang $5.35 bilyon bawat taon para sa infrastructure sa probinsiya, teritoryo, at munisipal sa ilalim ng New Building Canada Plan.
- Mag-iinvest ng $750 milyon sa loob ng dalawang taon simula sa 2017–18, at $1 bilyon bawat taon pagkatapos noon, para sa isang bagong Public Transit Fund para

makagawa ng bagong public transit infrastructure upang bawasan ang trapik at pagkabuhul-buhol ng mga sasakyan sa malalaking lungsod.

## Pagtulong sa mga Pamilya at mga Komunidad na Umunlad:

- Magdaragdag sa taunang limit sa kontribusyon sa Tax-Free Savings Account, upang gawin itong $10,000, simula 2015 at mga darating na taon.
- Babawasan ang pinakamababang withdrawal factors para sa Registered Retirement Income Funds upang pahintulutan ang seniors na karagdagang maipon ang kanilang retirement savings upang mas masuportahan ang kanilang mga pangangailangan sa kanilang retirement income.
- Susuportahan ang seniors at mga taong may mga kapansanan sa pamamagitan ng pagsimula sa Home Accessibility Tax Credit upang makatulong sa mga gastos sa renovation, upang gawing mas ligtas at mas accessible ang kanilang mga tahanan, upang makapanirahan sila nang mag-isa at upang makapanatili sila sa kanilang mga tahanan.
- Daragdagan ang access sa post-secondary na edukasyon sa pamamagitan ng pagpapalawak sa eligibility para sa Low- at Middle-Income Canada Student Grants sa mga estudyante sa mga maiikling programa.
- Babawasan ang inaasahang kontribusyon ng magulang sa ilalim ng proseso ng pagtatasa ng pangangailangan ng Canada Student Loans Program upang matulungan ang mga pamilya.
- Susuportahan ang mga lubos na naghihirap na indibidwal sa komunidad sa pamamagitan ng paglaan ng $150 milyon sa darating na apat na taon, simula sa 2016–17, upang suportahan ang social housing sa Canada sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga tagapagbigay ng social housing na i-prepay ang kanilang pangmatagalan at non-renewable mortgages nang walang multa.
- Pahuhusayin ang access sa mga naka-print na materyales para sa mga taong may kapansanan sa paningin.
- Maglalaan ng $5.7 milyon sa darating na limang-taon upang tulungang makakuha ng bagong market access para sa Canadian seal products.
- Sisiguraduhin na ang mga beterano at ang kanilang mga pamilya ay tatanggap ng suportang kailangan nila sa pamamagitan ng: paglaan ng bagong Retirement Income Security Benefit sa mga beteranong may kaunti at grabeng kapansanan; pagdagdag ng access sa Permanent Impairment Allowance para sa mga beteranong may kapansanan; pagdagdag sa Earnings Loss Benefit para sa may kapansanang part-time Reserve Force veterans; paglikha ng bagong tax-free Family Caregiver Relief Benefit bilang pagkilala sa mga caregiver; at pagdagdag sa pang-indibidwal na suporta sa mga beterano.
- Pahahabain ang panahon ng Employment Insurance Compassionate Care Benefits mula anim na linggo hanggang anim na buwan upang mas masuportahan ang Canadians na nag-aalaga sa mga kapamilyang may malubhang sakit at naghihingalo.

## Paniniguradong Ligtas ang Canadians:

- Daragdagan ang pagpopondo ng National Defence sa pamamagitan ng pagbigay sa Canadian Armed Forces ng halos $12 bilyon sa darating na 10 taon; dahil dito, masisigurado na patuloy na magkakaroon ang Canada ng militar na laging handang lumaban, na magsisilbi sa sariling bansa at sa ibayong-dagat.
- Susuportahan ang deployment ng Canadian Armed Forces sa pamamagitan ng pagbigay sa National Defence nang hanggang $360 milyon sa 2015–16 upang labanan ang ISIS.
- Lalabanan ang terorismo sa pamamagitan ng pagbigay ng karagdagang resources sa Royal Canadian Mounted Police, sa Canadian Security Intelligence Service, at sa Canada Border Services Agency.
- Daragdagan ang kakayahan ng Canada na makakuha ng tinatawag na foreign intelligence.
- Proprotektahan ang integridad ng ating borders at susuportahan ang lehitimong pagbiyahe ng mga low-risk na biyahero sa Canada mula sa mga piniling bansa na nangangailangan ng visa.

### Mga Buod

- Ang isang karaniwang pamilya sa Canada, kung saan dalawang tao ang kumikita, ay tatanggap ng tax relief at karagdagang benefits na hanggang $6,600 sa 2015 dahil sa tax cuts at karagdagang benefits ng Pamahalaan ni Harper.
- Taun-taon nang ibinababa ng Pamahalaan ang taxes, simula nang ang Pamahalaan ay nagsimula sa opisina.  Sa katotohanan, ang pangkalahatang federal tax burden ay pinakamababa ngayon sa mahigit nang 50 taon.
- Mahigit sa 1.2 milyong karagdagang Canadians ang nagtratrabaho ngayon kumpara sa katapusan ng recession noong Hunyo 2009. Ang karamihan sa mga bagong trabahong ito ay mga full-time na posisyon sa mga pribadong sektor na industriya na mataas magbayad.
- Ang Canada ay may isa sa pinakamaahusay na performance sa ekonomiya sa mga G-7 na bansa habang ito’y nagre-recover mula sa recession.
- Ang real GDP (gross domestic product) ay lubos na mas mataas kaysa bago mangyari ang recession; ito ang pinakamahusay na performance sa G-7.
- Ayon sa World Economic Forum, ang sistema ng pagbabangko sa Canada ay ang pinakamahusay sa buong mundo; pitong beses na nito ibinoto ang Canada sa sunud-sunod na mga taon sa taunang *Global Competitiveness Report* ng World Economic Forum.
- Ayon sa KPMG, ang kabuuang business tax na binabayaran sa Canada ay ang pinakamababa sa G-7 at 46 porsiyento mas mababa kaysa sa tax sa Estados Unidos.
- Ayon sa Bloomberg, ang Canada ay ang pangalawang pinakama-atraktibong lugar sa mundo upang magnegosyo.

- Ayon sa apat na credit rating agencies—Moody's Investors Service, Fitch Ratings, Standard & Poor's at DBRS—top rating pa rin ang Canada, at inaasahang mimintinahin ng Canada ang AAA rating nito sa darating na taon.

**Ano ang sinabi**

Ang "Economic Action Plan 2015" ay maglilikha ng mga trabaho, paglago ng ekonomiya, at pangmatagalang kaginghawahan. Ito'y isang balanseng budget, tulad ng aming ipinangako, at binabawasan nito ang mga tax para sa mga masisigasig na indibidwal at mga pamilya. Ito'y isang maingat at maprinsipyong plano upang ang Canadians ay maging mas maunlad, mas ligtas, at upang sila'y magkaroon ng karagdagang kompiyansa sa katayuan ng ating bansa sa mundo. Maaasahan ng Canadians na sa ilalim ng malakas na pamumuno ni Prime Minister Stephen Harper, maayos ang pananalapi sa Canada."

*Joe Oliver, Ministro ng Pananalapi*

**Kaugnay na Link**

- http://www.canada.ca/budget2015

**Mga Makokontak:**


Melissa Lantsman
Director of Communications
Office of the Minister of Finance
[Opisina ng Ministro ng Pananalapi]
613-369-5696

Stéphanie Rubec
Media Relations
Department of Finance
[Kagawaran ng Pananalapi]
613-369-4000


*Upang matanggap ang e-mail na paunawa ukol sa lahat ng news release, mangyaring mag-register sa www.fin.gc.ca/scripts/register-eng.asp.*